

PAHINA NG IMPORMASYON PARA SA SAKIT NA PARKINSON

University of California, San Francisco
Department of Neurology
Parkinson's Disease Clinic and Research Center
(415) 476-9276 / (415) 502-1672
<http://pdcenter.neurology.ucsf.edu/>

Ano ang sakit na Parkinson?

Ang sakit na Parkinson ay dulot ng pagkamatay ng mga partikular na selula ng nerbiyo sa utak. Ang mga selula ng nerbiyo na ito ay lumilikha ng isang bagay na tinatawag na dopamine, na samakatuwid ay nagkukulang dahil sa sakit na Parkinson. Ang dopamine ay isang kemikal na responsable para sa normal na paggana ng bahagi ng utak na nagkokontrol sa paggalaw. Ang kakulangan sa dopamine ay humahantong sa mga sintomas ng sakit.

Mga Pangunahing Sintomas ng Sakit na Parkinson

- Pangangatog (panginginig) habang nagpapahinga
- Kabagalan ng paggalaw
- Paninigas ng mga braso't paa at katawan
- Panghihina sa balanse

Ano ang Nagdudulot ng Sakit na Parkinson?

Ang nagdudulot ng sakit na Parkinson ay hindi pa alam. Maaaring sangkot ang kapwa mga genetic at pangkapaligirang salik. Lumalala ang sakit sa paglipas ng panahon. Walang lunas para sa sakit na Parkinson, pero maaaring gamutin ang mga sintomas nito. Binubuo rin ang mga paggamot upang pabagalin ang paglala ng sakit.

Mga Opsyon sa Paggamot

- Mga Medikasyon: May iba't ibang klase ng medikasyon na makakatulong sa mga sintomas ng sakit na Parkinson. Maaaring pumili at magreseta ang iyong doktor ng mga medikasyon na makakatulong sa iyo nang lubos. Ang isang madalas gamitin na medikasyon ay ang Sinemet (levodopa/carbidopa) na ginagawang dopamine ng utak upang tumulong sa paggalaw. Ginagawang mas epektibo ng iba pang mga medikasyon ang Sinemet (hal. Comtan, Azilect). At ang iba pang mga medikasyon ay kumikilos kagaya ng dopamine (mga agonist, hal. Mirapex, Requip).
- Pag-oopera: Habang lumalala ang sakit, maaaring isaalang-alang ng iyong doktor ang iilang mga paggamot na pag-oopera.
- Mga Protektibong Paggamot upang pabagalin ang sakit: Kasalukuyang binubuo.
- Gene na Terapiya: Kasalukuyang binubuo.

MAYROON KA BA NG MGA SUMUSUNOD NA SINTOMAS NA ITO?

1. Nanginginig ba ang iyong mga braso o binti?
2. Nahihirapan ka bang tumayo mula sa isang silya?
3. Mas maliit ba ang iyong sulat-kamay kaysa noon?
4. Sinasabihan ka ba ng tao na mas mahina ang iyong boses ngayon kaysa noon?
5. Mahina ba ang iyong balanse kapag naglalakad ka?
6. Bigla bang tumigil (huminto sa paggalaw) ang iyong mga paa habang sinusubukan mong maglakad?
7. Ang iyong mukha ba ay hindi na masyadong nakakapagpahayag ng damdamin kaysa noon?
8. Nahihirapan ka bang isara ang mga butones o gumamit ng mga kubyertos?
9. Kinakaladkad mo ba ang iyong mga paa o maliliit ang iyong mga hakbang habang naglalakad ka?

Kung sumagot ka ng oo sa ilan sa mga tanong na ito, maaaring naisin mong makipag-usap sa iyong doktor at magkaroon ng eksaminasyon para sa sakit na Parkinson. Ang ilang sa mga sintomas ay maaaring dulot ng normal na pagtanda. Tanging ang iyong doktor lang ang siguradong makaka-alam kung mayroon kang sakit na Parkinson.